Alitaptap

Gloc-9

Naisip ko lang
Kaya pa kaya ni Gloc-9?
Yeah, yeah, yeah, yeah (Good son, hella bad)
Yeah, yeah, yeah

Ang pagtingin mo sa 'kin dati'y
'Sing liwanag ng araw (napakalinaw, napakainit)
Pag-ibig na sumpaan natin
Hinding-hindi magmamayaw (ako'y nasilaw, ako'y nahilig)
Bakit pagsapit ng dilim (marami sa akin ang hindi sinasabi)
Mga akala kong akin (komportable sa miserable)
Kahit na pilit kang abutin, sa 'king paningin
Ika'y mistulang alitaptap

Ilan na'ng mga ginawa ko para sa iyo (tangan ko)
Pati sila, kasi walang iba (lahat ng 'yong)
Akong inisip kundi ang iyong kapakanan (pangako mag-)
Mabusog ka lamang kahit tiyan ko ay kumakalam (mula pa no'ng)
Sinong may alam ng totoo? (Tayo ay)
Lahat kayo, pwera lang ako (nangako sa)
Nalilito sa balatkayo (isa't isa)
Balahibo ko nakatayo (magsasama)
'Di ko inakala na (ngunit nag laho)
Kung sino pa ang siyang nagsasalba (ang mga kulay)
Ng wala nang ilalim na alkansya
Nakahandang ibigay ang lahat ng kanya (alay mo sa'king bulaklak)
Tama ba na umasa pa?
Kung ako'y naging babae, nagahasa na (ako na lang ba ang magpapatunay)
Parang mga paborito kong kanta
Pero ayaw kong mangyari sa isang banda (habang ang luha'y pumapatak?)

Ang pagtingin mo sa 'kin dati'y
'Singliwanag ng araw (napakalinaw, napakainit)
Pag-ibig na sumpaan natin
Hinding-hindi magmamayaw (ako'y nasilaw, ako'y nahilig)
Bakit pagsapit ng dilim (marami sa akin ang hindi sinasabi)
Mga akala kong akin (komportable sa miserable)
Kahit na pilit kang abutin, sa 'king paningin
Ika'y mistulang alitaptap

Kinakausap pero 'di mo na ako tinitingnan
Hingi ka nang hingi kahit palagi kang binibigyan
Mga masasayang araw na aking tinatandaan
Kapag tinatanong ay 'di mo na alam kung kailan
Kapag ako ay lumalapit, lagi kang lumalayo
Hinihigpitan ko ang kapit kahit na puro dugo
Sa aking palad, parang mga bubog na buo-buo
Tuwing ika'y aking hahalikan, ika'y yumuyuko
Ako na lang ba ang siyang may buhat sa ating dalawa
Minsan tinatanong aking sarili kung kaya ko pa
Ngayon, ika'y nasa tabi, tapos biglang mawawala
Ikaw ay mistulong alitaptap sa 'king mga mata

Ang pagtingin mo sa 'kin dati'y
'Singliwanag ng araw (napakalinaw, napakainit)
Pag-ibig na sumpaan natin
Hinding-hindi magmamayaw (bakit nasilaw? Bakit nahilig?)

Ako'y lakad nang lakad nang lakad nang lakad (bakit pagsapit ng dilim)
Tuyo sa kalsada, sa baha nakababad (mga akala kong akin)
Mga paa't kamay ko ang siyang nagbayad
Parang may makalawang na lagaring nakasayad
Gumagalaw kapag sinasabi kong mahal kita (kahit na pilit kang abutin)
Ako daw lamang naman at wala nang iba (sa 'king paningin)
Eh ikaw, kaya mo bang buhatin ang dala?
Pabigat nang pabigat, nahahalata ko na (ika'y mistulang alitaptap)
Ako'y lakad nang lakad nang lakad nang lakad (bakit pagsapit ng dilim)
Tuyo sa kalsada, sa baha nakababad (mga akala kong akin)
Mga paa't kamay ko ang siyang nagbayad
Parang may makalawang na lagaring nakasayad
Gumagalaw kapag sinasabi kong mahal kita (kahit na pilit kang abutin)
Ako daw lamang naman at wala nang iba (sa 'king paningin)
Eh ikaw, kaya mo bang buhatin ang dala?
Pabigat nang pabigat, nahahalata ko na (ika'y mistulang alitaptap)

Yeah, yeah, yeah, yeah
Yeah, yeah, yeah

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!